



# INLAND REGIONAL CENTER

... pagpapahalaga sa kalayaan, pagiging kabilang, at pagbibigay-  
kakayahan

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127 Telepono:  
(909) 890-3000

Fax: (909) 890-3001

Oktubre 13, 2021

Department of Developmental Services  
1215 O Street, MS 8-20  
Sacramento, CA. 95814  
(916) 651-6309  
[OCO@dds.ca.gov](mailto:OCO@dds.ca.gov)

G. Cruz:

Isinusumite ng Inland Regional Center (IRC) ang pakikipag-ugnayang ito bilang tugon sa isang liham ng Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (Department of Developmental Services, DDS) na may petsang Hulyo 2, 2021. Ipinaalam ng liham na iyon sa IRC na batay sa data ng ratio ng caseload na isinumite ng IRC sa Departamento noong Marso 1, 2021, hindi natugunan ng IRC ang mga kinakailangang ratio ng caseload para sa 1) mga consumer na naka-enroll sa Waiver ng Mga Serbisyo sa Bahay at Komunidad; 2) mga indibidwal na edad tatlumpu't anim na buwan at mas bata; 3) mga indibidwal na mahigit tatlong taong gulang, non-waiver, non-mover na indibidwal; 4) mga indibidwal na may mga kumplikadong pangangailangan. Hindi sumusunod ang mga caseload na ito sa loob ng dalawang magkasunod na panahon ng pag-uulat. Ipinag-uutos ang mga ratio na ito ng seksyon 4640.6 sub (c) ng Welfare and Institutions Code (WIC). Ito ang plano ng pagwawasto ng IRC ayon sa iniaatas sa Seksyon 4640.6 (f) ng WIC.

Ang data ng ratio ng caseload noong Marso 2021 para sa mga kliyenteng naka-enroll sa Waiver ng Mga Serbisyo sa Bahay at Komunidad ay 1 sa 77 (ang kinakailangang ratio ng caseload ay 1 sa 62, ang average sa California ay 1 sa 77), at para sa mga indibidwal na edad tatlumpu't anim na buwan at mas mababa ay 1 sa 65 (ang kinakailangang ratio ng caseload ay 1 sa 62, ang average sa California ay 1 sa 58). Dagdag pa rito, ang ratio ng caseload para sa mga mover sa pagitan ng 12 at 24 na buwan ay 1 sa 48 (ang kinakailangang ratio ng caseload ay 1 sa 45, ang average sa California ay 1 sa 38). Panghuli, ang ratio ng caseload ng mga kliyenteng may mga kumplikadong pangangailangan ay 1 sa 32 (ang kinakailangang ratio ng caseload ay 1 sa 25, ang average sa California ay 1 sa 25).

Katulad sa mga nakalipas na taon, patuloy na nakaranas ang IRC ng pambihirang paglaki sa populasyon ng ating mga consumer sa nakaraang taon. Sa katapusan ng Agosto 2021, may 39,956 na consumer ang IRC. Ang IRC ay patuloy na nagpo-post ng mga oportunidad sa trabaho para sa mga tagapag-ugnay sa suporta sa consumer (consumer services coordinator, CSC) at hina-hire ang mga posisyong iyon. Mula Hulyo 2020, itinatag at napunan ng IRC ang 9 na bagong posisyon sa paglago sa pamamahala ng kaso. Gayunpaman, nawalan din at kinailangang punan ng IRC ang 40 karagdagang posisyon sa pamamahala ng kaso. Tulad ng nakasaad sa itaas, patuloy kaming nag-a-advertise para sa mga bagong empleyado at patuloy kaming nagha-hire.

Noong Setyembre 16, 2021, nag-post ang IRC ng abiso sa mga kliyente, pamilya, tauhan, at miyembro ng komunidad na nanghihingi ng input tungkol sa mga paraan para gawing sumusunod ang mga caseload. Binigyan sila ng opsyong magsumite ng mga opinyon sa pamamagitan ng email, fax, survey, o regular na koreo.

Noong Setyembre 20, 2021, may na-post na survey sa ratio ng caseload sa English at Spanish sa lahat ng platform sa social media ng IRC para manghingi ng mga ideya. Binigyan din ng pagkakataon ang mga magulang, kliyente, vendor, at partner ng komunidad na dumalo sa isang Pampublikong Pagpupulong noong Oktubre 7, 2021, nang 4 pm, sa pamamagitan ng Zoom.

Binanggit din ang paksang ito sa pagpupulong ng Komite ng Pagpapayo sa Vendor (Vendor Advisory Committee, VAC) noong Setyembre 20, 2021, pero walang ibinigay na feedback.

Ipinahayag ng Konseho ng Estado sa Mga Developmental na Kapansanan (State Council on Developmental Disabilities, SCDD) sa isang email noong Setyembre 16, 2021 na kapag walang karagdagang pondo, mahirap

lutasin ang problema ng matataas na ratio ng caseload.

Habang nangangalap ng data mula sa mga tauhan, mahalagang may iisang tema kung saan gagawin ng IRC ang lahat hangga't posible para mapigilan ang kawalan ng mga kasalukuyang CSC at sumusuportang tauhan. Ipinahayag din ng mga tauhan na dahil sa mataas na ratio ng caseload, nababawasan ang dami ng oras at pagsisikap na iginugugol sa pagsasanay sa mga tauhan at pagpapatibay ng ugnayan sa mga kliyente at sa kanilang mga provider ng pangangalaga. Mandatory ang pangangailangan para sa karagdagang pondo para mag-recruit, mag-hire, magsanay, sumuporta, at mag-deploy ng mga bagong CSC para mapababa ang ratio ng caseload.

Nagbigay ang mga tauhan ng ilang posibleng solusyon na maisisiyasat para tumulong sa pagpapababa ng ratio ng caseload habang hinahanap ang karagdagang pondo para mag-hire. Ang karaniwang tema ay isaalang-alang ang pagpayag sa mga intern sa kolehiyo na tumulong sa mga CSC sa kanilang mga caseload. Bibigyang-daan nito ang mga CSC na pagtuunan ang mga kliyente, provider ng pangangalaga, at kinakailangang pagsasanay. At kapag nagtapos sa kolehiyo ang intern, magkakaroon siya ng karanasan sa IRC, na magpapadali sa paglipat sa pagiging CSC.

Ang English na survey sa ratio ng caseload noong Setyembre 20, 2021 na na-post sa inlandrc.org ay nagbunyag ng karaniwang tema ng pangangailangang mag-hire ng mga karagdagang CSC para mapababa ang ratio ng caseload. Wala kaming natanggap na tugon sa Spanish na survey sa ratio ng caseload na naka-post sa inlandrc.org.

Habang nagsasalita sa mga pamilya noong Oktubre 7, 2021, walang ibinigay na pampublikong input pagkatapos magbigay ng maikling presentasyon. Dumalo sa pagpupulong ang dalawang magulang ng mga kliyente ng IRC.

Habang sinusuri ang mga tugon sa survey, ipinahayag ng mga respondentang pangangailangan ng IRC na mag-hire ng mga karagdagang CSC para mapababa ang ratio ng caseload. Binanggit din ng mga respondentang pangangailangang magbigay ang estado ng karagdagang pondo para gawin ito. Dagdag pa rito, naitala ang tema ng paggamit ng mga intern sa mga

tugon sa survey. Taos-puso,

Lavinia Johnson  
Executive Director

Copy: Cameron Page, IRC  
Nancy Bargeman, DDS  
Brian Winfield, DDS